

Petsa

Minamahal na Kustomer,

Tungkol sa: Numero ng Account: N/A

Malamang ay alam na ninyo na mayroong isang class action na kasong naka-file sa Superior Court ng California, at ito ay ang *Jones v. City of Los Angeles*, Case No. BC577267, na kung saan ang reklamo ay sobra daw ang pagkakasingil ng Los Angeles Department of Water and Power (ang "LADWP") sa kanyang mga kustomer o kaya ay nakaranas ng iba pang mga pagkakamali sa pagsingil at ito ay dulot ng, at may kaugnayan sa, depektibong pagsasagawa ng bagong sistema ng pagsingil ng LADWP o kaya ay nakaranas ng mga pinsala bilang resulta ng pagsali sa solar incentive program ng LADWP (ang "Kaso").

Kaugnay ng settlement sa Kaso, ang LADWP ay sumusulat upang ipaalam sa inyo na, simula sa petsa ng liham na ito, mayroong (mga) field work na imbestigasyon na gagawin para sa account na binanggit sa itaas. Kung mahigit sa isang ari-arian ang kabilang sa inyong account, at nais ninyong pag-aralan ang impormasyon na may kaugnayan para sa bawat isa sa mga ari-arian na ito, mangyari po lamang na mag-sumite ng isang nakasulat na kahilingan sa Claims Administrator sa Tagapangasiwa ng Kasunduan sa Claim Laban sa Pagsingil ng LADWP P.O. Box 43449 Providence, Rhode Island 02940-3449 sa loob ng 10 araw ng inyong pagkatanggap ng liham na ito.

Ang layunin ng field work na imbestigasyon ay upang imbestigahan kung mayroong anumang mga umiiral na kundisyon na maaaring maging sanhi ng mga sobrang pagsingil sa mga serbisyo o iba pang mga pinsala sa inyo.

Oras na makumpleto na ang field work na imbestigasyon, sasabihan kayo ng LADWP, sa pamamagitan ng liham, ng kanyang desisyon na may kaugnayan sa field work na imbestigasyon na ito. **Ang isang paghiling ng bayad-pinsala para sa mga pinsalang natagpuan bilang resulta ng field work na imbestigasyon ay maaaring masimulan sa pamamagitan ng pag-file ng isang claim form na siyang kinakailangang may tatak-koreo sa loob ng 60 araw ng petsang nakalagay sa liham na nagpapaliwanag ng resulta ng imbestigasyon.**

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa liham na ito, maaari ninyong makausap ang Claims Administrator sa 1-844-899-6219 at humingi ng tulong.

Sumasainyo,

Settlement Administrator